

# Marunong Akong Magbasa ng mga Kwento ng Bibliya

Ikatlong antas ( Level 3 )

Isinulat ni *Cheryl Reid*

Isinalin sa wikang Filipino ni *Marieta Perez Agustin*

Inilarawan ng mga estudyante ng Belgrave Heights Christian School,  
Victoria , Australia

- Base sa mga pangkaraniwang ginagamit na mga salita
- Binibigyang diin ang mga katangian at kalikasan ng Diyos at maaaring gamitin kasama ng manual ng pagtuturo “Tema para sa mga Bata” o “Themes for Kids”
- Kasama ng papel ng aktibidad ng mag-aaral ang buklet ng kuwento

Copyright Beacon Media 2012

[www.beaconmedia.com.au](http://www.beaconmedia.com.au)

# Pagtuturo ng Katangian ng Diyos

( Para sa mga magulang at mga guro)

Layunin ng “Marunong Akong Magbasa ng mga Kwento ng Bibliya” na ituro sa mga bata ang katangian ng Diyos. Ang pag-unawa sa kanyang katangian ay makatutulong sa atin upang makilala ang Diyos sa halip na malaman lamang natin ang tungkol sa kanya. Ito ay makatutulong din sa atin na isalamin sa ating buhay ang kanyang katangian.

Ang isang serye ng mga manual ng pagtuturo na tinatawag na “Tema para sa mga Bata” o “Themes for Kids” ay dinisenyo bilang kasama ng “Marunong Akong Magbasa ng mga Kwento ng Bibliya”. May kalakip na materyal sa pagdarasal ang mga manual ng pagtuturo at mga iba pang gawain upang lalo pa itong makatulong sa pagtuturo sa mga katangian ng Diyos. Ang mga kaugnay na kanta na nasa CD ay maaari ding gamitin.

Ang Antas 1, 2, 3 ng “Marunong Akong Magbasa ng mga Kwento ng Bibliya” ay dapat gamitin kasama ng Antas 1, 2, 3 ng “Tema sa mga Bata” o Themes for Kids.”

# Nilalaman

Tagapaglikha	Ang Malaking Pagkakamali	4
Pag-ibig	Si Hesus ay Kaibigan ng mga Bata	8
Matalino	Joseph	12
Tagapagtanggol	Mga Sundalo ng Diyos	16
Makapangyarihan	Joshua at ang mga Pader ng Jericho	20
Katotohanan	Ang Gintong Guya (batang baka)	24
Puro	Ang Ama na Nagpatawad ng Anak	28
Mapagtiis	Mephibosheth	32
Alila	Ang Lalaki sa Lawa	36
Buhay	Nicodemus	40
Tagapagtustos	Ruth at Naomi	44
Kapayapaan	Naglaka sa Tubig si Pedro	48

Ang Diyos ang Tagapaglikha

# Ang Malaking Pagkakamali

Genesis 3

Tumira si Adan at Eba sa hardin ng Eden. Napakasaya nila. Sinabi ng Diyos kay Adan at Eba na dapat silang sumunod sa kanya. Sinabi nya sa kanila na pwede nilang kainin lahat ng prutas sa hardin ng Eden ngunit hindi sila dapat kumain sa prutas ng isang puno.

Mayroong isang napakasamang anghel. Ang pangalan nya ay Satanas. Noong siya ay naging masama, siya ay naging isang ahas. Sinabi niya kay Adan at Eba, "Kainin ninyo ang prutas, hindi kayo masasaktan."

Kaya kinain ni Eba ang prutas. Binigyan niya ng kaunti si Adan. Kaagad nilang nalaman na may ginawa silang mali. Sila ay nalungkot. Ang sabi ng Diyos, "Ngayon na kayo ay nagkamali, hindi na kayo pwedeng manatili sa maganda kong hardin. Dapat na kayong umalis dito. Hindi na kayo magiging masaya . Ito ay dahil hindi kayo sumunod sa akin".

Nagpadala ang Diyos ng isang mabuting anghel sa hardin. Ang anghel ay mayroong espada. Wala ng makakapunta sa hardin mula ngayon. Ito ay napakalungkot na araw. Ang mundo ngayon ay isang malungkot at makasalanan na lugar. Hindi masaya si Adan at Eba. Ang mga hayop ay hindi masaya.

Napakalungkot ng Diyos dahil hindi na siya maaaring makasama ng mga tao. Gumawa ang Diyos ng plano. Balak ng Diyos na ipadala niya ang kanyang anak na si Hesus upang mamatay sa krus at mapatawad tayo sa ating mga kasalanan. Kapag humingi tayo kay Hesus na patawarin ang ating kasalanan at kapag hiningi natin sa kanya na tayo ay kanyang maging kaibigan, at saka tayo makakasama sa Diyos, tulad ni Adan at Eba na minsan ay nakasama niya sa hardin ng Eden.

### Mga Salitang Dapat Matutunan

anghel	masama	sumunod
sakit	prutas	naging
isang bagay	mali	minsan
mga bata	kalungkutan	espada
pinatay	kaibigan	munto
mas mahaba	mga tao	patawarin



## Isang Malaking Pagkakamali

Ang Diyos ay Pag-ibig

# Si Hesus ay kaibigan ng mga bata

Marko 10:13-18

Ang mga bata ay masaya. Pumunta si Hesus sa kanilang bayan. Gusto nilang makita si Hesus. " Bilisan mo Inay," sabi ng mga bata. " Gusto naming makita si Hesus. Pakiusap, dalhin nyo kami sa kanya."

Dinala ng mga ina ang kanilang mga anak para makita si Hesus. Mayroong isang malaking grupo ng mga tao.



Gusto ng mga bata na pumunta sa harap ng maraming tao. "Bumalik kayo! Bumalik kayo!" sabi ng mga kaibigan ni Hesus. "May mga matatanda dito na gusto nilang sila ay nasa harapan!" "Hindi!" sabi ni Hesus. Gusto ko ang mga bata dito. Dalhin sila sa akin." Dinala ng mga ina ang kanilang mga anak kay Hesus.

Pinaupo ni Hesus ang mga bata sa kanyang tuhod. "Mahal ko ang mga bata", sabi niya. "Ang mga bata ay napaka-espesyal. Kung gusto ng mga nasa gulang na ako'y kanilang maging kaibigan, dapat sila ay maging katulad ng mga batang ito."

Kaya ng mga bata na mahal si Hesus ng isang espesyal na pag-ibig. Gusto ni Hesus na mahal ninyo siya. Mahal din niya kayo ng isang espesyal na pag-ibig.

## Mga Salitang Dapat na Matutunan

mga bata

masaya

dumating

bayan

gusto

bilis

pakiusap

kunin

grupo ng tao

harapan

balik

mga kaibigan

may edad

dalhin

dinala

tuhod

espesyal

mga ito



Si Hesus ay kaibigan ng mga bata

## Ang Diyos ay Matalino

# Jose

Genesis 37:46

Mahal ni Jose ang Diyos. Mahal ng ina at ama ni Jose ang Diyos. May labing isang kapatid na lalaki si Jose. Ayaw sa kanya ng iba nyang mga kapatid. Ibinenta siya sa mga lalaki na may mga kamelyo.

Dinala si Jose ng mga lalaking may kamelyo sa Ehipto. Naging isang alipin si Jose sa Paro. Kinailangan nyang magtrabaho ng husto.

"Hindi ko alam kung bakit ako ay isang alipin," sabi ni Jose, "Ngunit ang Diyos ay matalino. Tutulungan niya ako."

Nagustuhan ng Paro si Jose dahil siya ay nagta-trabaho ng husto. Si Jose ay lubos na matalino din. Gusto ng Paro na tulungan siya ni Jose. "Ano ang aking gagawin?" tanong ng Paro. "Hindi ulan sa Ehipto, dapat kayong mag-ipon ng pagkain," sabi ni Jose.

"Paano mong nalaman?" ang tanong ng Paro. "Sinabi ng Diyos sa akin." Sabi ni Jose. "Napakatalino mo," sabi ng Paro. "Ang Diyos ang nagpapatalino sa akin," sabi ni Jose. "Ilalagay kitang tagapangasiwa ng maraming mga tao," sabi ni Paro.


Si Jose ang tagapangasiwa. Sinabi niya sa mga tao na mag-imbak ng maraming pagkain. Pagkatapos noon ay wala ng ulan. Gaya ng sinabi ng Diyos.

Si Jose ang tagapangasiwa sa pagbibigay ng mga pagkain sa mga tao. Mahuhulaan nyo ba kung sino ang pumunta sa kanya upang humingi ng pagkain? Oo, ang kanyang pamilya.

Lubos na sumaya si Jose na nakita niyang muli ang kanyang pamilya. Sabi ni Jose sa kanyang mga kapatid, "Pinapatawad ko kayo." Ang pamilya ay nagkasama muli. Nagawa ng Diyos na mabuti ang isang bagay na masama.

### Mga Salitang dapat Matutunan

ina	ama	labing isa
kamelyo	Paro	alipin
matalino	nagtrabaho	hirap
gusto	ulan	mag ipon
alam	pangasiwa	mga tao
pagbibigay	hulaan	pamilya



Jose

Ang Diyos ay taga pagtanggol

# Mga Sundalo para sa

## Diyos

Ephesians 6

Tayo ay mga anak ng Diyos. Tayo ay pinapanatiling ligtas ng Diyos. Binibigyan niya tayo ng espesyal na baluti (armor).

Nakikita ba ninyo ang baluti (armor) na ito? Hindi. Kayo ba ay nakikipaglaban gamit ang baluti na ito? Hindi. Ang Diyos ang nakikipaglaban para sa atin. Siya ay nakikipaglaban sa kalaban, si Satanas. Ito ang armor...

1. Ang sinturon ng katotohanan.

Dapat ay lagi tayong magsabi ng katotohanan.



2. Ang baluti sa dibdib ng pagkamakatarungan.  
Dapat ay lagi nating gawin ang tama.
3. Ang mga sapatos ng mabuting balita.  
Dapat nating dalhin ang mabuting balita ni Hesus sa mga ibang tao.
4. Ang pananggalang ng pananampalataya.  
Nararapat na tayo ay magkaroon ng pananampalataya sa Diyos, at ilagay ang tiwala natin sa kanya.
5. Ang kupya ng kaligtasan.  
Ito ang pinaka-una sa lahat na kailangan natin. Ang ibig sabihin ng kaligtasan ay ang pagiging Kristyano. Dapat nating hingin kay Hesus ang kapatawaran sa ating mga kasalanan, at sabihin natin kay Hesus na mahal natin siya.
6. Ang espada ng Espiritu.  
Ito ang salita ng Diyos, ang bibliya. Dapat nating malaman kung ano ang sinasabi ng bibliya at gawin natin ang sinasabi nito.


Kapag ginawa natin ang lahat ng mga bagay na ito, mayroon na tayong baluti (armor)ng Diyos. Ang Diyos ang makikipaglaban para sa atin laban sa ating kaaway, si Satanás.

### Mga salitang dapat matutunan

mga bata  
labanan  
katotohanan  
kabanalan  
mga tao  
kupya  
Kristyano  
kaaway

espesyal  
laban sa  
palagi  
tama  
pananggalang  
kaligtasan  
espada  
balita

baluti (armor)  
Satanás  
baluti sa dibdib  
sapatos  
pananampalaya  
nagiging  
Espiritu  
mga bagay



Mga Sundalo para sa Diyos

Ang Diyos ay Makapangyarihan

# Si Joshua at ang mga pader ng Jericho

Joshua 6

Ang mga tao ng Diyos ay nasa disyerto ng matagal na panahon. Walang pagkain sa disyerto. Walang tubig sa disyerto. Ang Diyos ang nagbigay ng pagkain at tubig. Pero ngayon ay panahon na para sa bagong lupain.

Ipinangako ng Diyos sa kanyang mga tao ang bagong lupain. Ang bagong lupain ay hindi magiging disyerto. Ang bagong lupain ay mayroong pagkain at tubig. Ngunit ang bagong lupain ay mayroon ding mga kaaway. Ang mga kaaway ay hindi sumasamba sa tunay na Diyos.

"Paano kami makakarating sa bagong lupain na ito?" ang tanong ng mga tao. "Dapat tayong dumaan sa syudad ng Jericho kung saan mayroong kaaway. Ang syudad ay mayroong malalaking mga pader sa buong paligid nito."

"Ang Diyos ay hahanap ng paraan," sabi ni Joshua. "Napakalakas niya."

Sinabi ng Diyos kay Joshua kung ano ang gagawin. Sinabi ng Diyos kay Joshua na kumuha ng mga trumpeta. Sinabi ng Diyos sa mga tao na mag-martsa ng mag-martsa sa paligid ng mga pader. Ang mga tao ay nag-martsa ng pitong araw. Sa ika-pitong araw, sila ay nag-martsa ng isang beses. Nag-martsa sila ng dalawang beses. Nag-martsa sila ng pitong beses.

Pagkatapos noon ay sumigaw sila at gumawa ng matinding ingay sa kanilang mga trumpeta.


Ang mga kaaway ay takot. Pagkatapos, ang mga pader ay tumumba. Pinatumba ng Diyos ang mga pader sa pamamagitan ng kanyang kalakasan. Ang syudad ay pag-aari na ngayon ng mga tao ng Diyos. Sila ay pwede ng makapunta sa bagong lupain na ipinangako ng Diyos.

## Mga Salitang dapat na Matutunan

mga tao  
ibinigay  
samba  
sa  
pamamagitan  
ng  
makapangyarihan  
an  
paikot

dalawang beses  
kapangyarihan  
disyerto  
ipinangako  
tutuo  
syudad  
trumpeta  
pito  
ingay

pag-aari  
tubig  
mga kaaway  
ipasa  
sa paligid  
martsa  
minsan  
takot  
maaari



Si Joshua at ang mga pader ng Jericho

Ang Diyos ay Katotohanan

# Ang ginintuang guya

Exodus 32

Sabi ng Diyos, "Huwag na huwag kayong gagawa ng diyos. Hindi kayo dapat gumawa ng diyos gawa sa luwad, o kahoy, o bato. Hindi kayo dapat gumawa ng diyos mula sa anumang bagay."

Sabi ng Diyos, "Ako lamang ang tutuong Diyos."

Ang mga tao ng Diyos ay hindi sumunod sa Diyos.



Sila ay gumawa ng diyos. Ginawa nila ito mula sa ginto. Ginawa nila itong parang isang guya. Ito ay nag-mukhang napakaganda.

Ngunit sinabi ng Diyos na hindi niya ito gusto. Hindi masaya ang Diyos. Siya ay galit na galit. Sinabi niya kay Moses na siya ay galit na galit sa mga tao.

Ang mga tao ay nagsisi. Sinabi nila sa Diyos na sila ay nagsisisi. Binigyan ng Diyos si Moses ng espesyal na patakaran na tinatawag na sampung utos.

Sinabi niya sa mga tao na hinding hindi na sila dapat muling gumawa ng diyos.

## Mga salitang dapat na matutunan

hinding hindi

luwad

kahoy

bato

kahit ano

tutuo

mga tao

sumunod

ginto

guya

maganda

masaya

galit


pagsisisi

espesyal

patakaran

mga kautosan

na naman



Ang ginintuang guya

Ang Diyos ay Puro

# Ang Ama na nagpatawad sa kanyang anak

Luke 15:11-32

Mayroong isang ama na may dalawang anak na lalaki. Ang mga anak na ito ay malalaki na. Sabi ng isang anak, "Gusto kong umalis ng bahay ama ko. Paki bigyan ako ng pera para ako ay makapunta sa syudad upang manirahan doon."

"Sige," ang sagot ng ama. Kaya ang anak ay pumunta sa syudad.

Siya ay nagsaya sa syudad. Siya ay nagpakasaya at palagi niyang hindi ginagawa ang mga tamang bagay.

Ginastos niyang lahat ang kanyang pera. Walang natirang pera sa kanya.

"Ako ay kukuha ng trabaho, sabi ng anak. "Ako ay pupunta upang mag-alaga ng mga baboy." Kaya ang anak ay nagpunta upang kumuha ng trabaho sa babuyan. Hindi niya gustong magtrabaho kasama ang mga baboy. Ito ay napakabaho at madumi.

"Bakit hindi ako umuwi?" sabi ng anak sa kanyang sarili.

"Gugustuhin kaya ni ama na umuwi akon g muli? Ginastos kong lahat ang kanyang pera. Maaaring siya ay galit na galit sa akin."

Umuwi ang anak. Galit ba ang ama sa kanyang anak? Sinabi ba niya sa kanya na umalis siya? Hindi! Ang ama ay puno ng kagalakan. Gusto niya na ang kanyang anak ay umuwing muli. Niyakap niya ito ng mahigpit. Binigyan niya ito ng masayang salu-salo.


Gusto ng Diyos na patawarin natin ang mga taong gumawa ng masasamang bagay sa atin, gaya ng ama na nagpatawad sa kanyang anak. Gusto ng Diyos na patawarin natin ang iba katulad ng pagpapatawad niya sa atin.

### Mga salitang dapat na matutunan

malaki  
tahanan  
syudad  
mga bagay  
umalis  
madumi  
galit  
patawad  
mali

gusto  
pakiusap  
tumira  
ginastos  
nagtatrabaho  
huwag  
kagalakan  
pinatawad  
iba/mga iba

umalis  
pera  
mabuti  
gumagastos  
mabaho  
siya  
salu-salo  
mga tao  
bakit



Ang ama na nagpatawad sa kanyang anak na lalaki

Ang Diyos ay Pasensyoso

# Mephibosheth

2 Samuel 4 at 9

Mayroong isang maliit na prinsipe. Nahulog siya noong siya ay isa pa lamang na sanggol at napilay. Hindi siya makalakad ng maayos.

Si Haring David ay isang mabait na hari. Gusto niyang tulungan si Mephibosheth. Hinayaan ni Haring David na tumira si Mephibosheth sa palasyo.

Kinain ni Mephibosheth ang pagkain ng hari. Mayroon siyang nars na nag-aalaga sa kanya.



Siya ay masayang masaya sa pagtira sa palasyo ng hari.

Gusto ng Diyos na tayo ay maging mabait katulad ni Haring David. Gusto niya tayong mahabag sa mga tao na hindi kayang gawin ang mga nagagawa natin. Gusto ng Diyos na maging mabuti at pasensyoso tayo sa mga taong ganito.

May kilala ba kayong hindi makalakad ng maayos? May kilala ba kayong hindi makakita o makarinig ng maayos? May kilala ba kayong hindi makapagsalita ng maayos? Gusto ng Diyos na gumugol kayo ng panahon sa mga taong ganito. Maging mabuti kayo sa kanila at tulungan ninyo silang maging maligaya, dahil hindi nila kayang gawin ang mga nagagawa ninyo.

## Mga salitang dapat na matutunan

pilay

prinsipe

sanggol

lakad

mabait

gusto

palasyo

maligaya

hindi pwede

mga bagay

pasensyoso

mga tao

alam


kahit sino

magsalita

gumugol

dahil

pag alaga



Mephibosheth

Ang Diyos ay Tagapaglingkod

# Ang lalaki sa lawa

John 5: 1-18

Mayroong isang lawa. Ito ay bumubula ng espesyal na tubig. Para itong isang bukal mineral (spa).

Ang mga taong maysakit ay pumupunta sa lawa dahil umaayos ang pakiramdam nila sa tubig ng lawa.

Mayroong isang lalaking hindi makalakad. Hindi siya makalusong sa lawa. Kailangan nyang humiga sa kanyang banig sa tabi ng lawa.

Umaasa siya na may tutulong sa kanya na makalusong sa lawa, upang humusay ang kanyang pakiramdam. Ngunit walang tumulong sa kanya.

Pagkaraan ay dumating si Hesus. Sa palagay ba ninyo ay tutulungan siya ni Hesus na makalusong sa lawa? Ang ginawa ni Hesus ay mas higit pa diyan. Ang sabi niya sa lalaki, "Gusto mo bang gumaling muli?" "Oo, gusto ko," sabi ng lalaki. "Ngunit walang nais tumulong sa akin na makapasok sa lawa."

Sabi ni Hesus, "Tumayo ka. Pulutin mo ang banig mo at lumakad ka." Tumayo ang lalaki at naglakad. Ang mga hita niya ay gumaling. Nakakalakad na siya!

## Mga salitang dapat na matutunan

lawa	bumula	bukal mineral(spa)
pakiramdam	maayos	umasa
isang tao	nais	isipin
isang bagay	muli	pulutin
lakad	tumayo	maari



Ang lalaki sa lawa

Ang Diyos ay buhay

# Nicodemus

John 3:1-13

Gusto ni Nicodemus na makilala ng husto si Hesus. Siya ay takot sa iisipin ng kanyang mga kaibigan.

“Kailangan akong umalis at makipagkita kay Hesus sa gabi,” naisip ni Nicodemus. “Gusto kong matuto ng husto tungkol sa Diyos.”

Umalis si Nicodemus para makipagkita kay Hesus sa gabi.

Ang sabi ni Hesus, “Kung gusto mong mabuhay nang walang hanggan, ikaw ay dapat ipanganak muli.



“Paano akong ipanganganak muli?” tanong ni Nicodemus.

Sinabi ni Hesus kay Nicodemus na dapat siyang magkaroon ng bagong buhay.

Kapag tayo ay naging tagasunod o lingkod kay Hesus, mayroon tayong bagong buhay. Tayo ay sumusunod kay Hesus at ginagawa natin ang mga bagay na gusto nyang gawin natin.

Gaya ng pangangailangan natin sa hangin, tubig at pagkain para sa ating katawan, kailangan natin si Hesus at ang kanyang salita. Ang bibliya ay salita ng Diyos. Ito ay may mga salita ng buhay.

## Mga salitang dapat matutunan

gusto

alam

pa

tungkol

takot

ano

mga kaibigan

nais

mag-isip

gabi

naisip

mabuhay

habangbuhay

ipinanganak

muli

maging

tagasunod

hangin

katawan

salita

bibliya

buhay

susunod

mga bagay



Nicodemus

Ang Diyos ay Tagapagtustos

# Si Ruth at Naomi

Ruth 1-4

Si Ruth ay walang asawa. Ang kanyang asawa ay namatay. Si Naomi ay walang asawa. Ang asawa niya ay namatay rin.

“Dapat akong pumunta sa sarili kong bayan kung saan ako ay makakakuha ng pagkain,” ang sabi ni Naomi kay Ruth. “Sasama ako sa iyo,” sabi ni Ruth.

“Hindi. Dapat kang manatili dito kasama ang iyong mga tao.”

"Hindi," sabi ni Ruth. "Gusto kong sumama sa iyo."

Sumama si Ruth kay Naomi sa lupain ni Naomi. Kinailangang magtrabaho ng husto ni Ruth para makakuha ng pagkain. Namulot si Ruth ng mga haspe ng trigo buong maghapon. Si Naomi ay masyado ng matanda upang magtrabaho. Binigyan ng pagkain ni Ruth si Naomi. "Aalagaan tayo ng Diyos," sabi ni Ruth.


Hanggang sa isang araw, ang sabi kay Ruth ng isang mabait na lalaking tinatawag na Boaz, "Maaari kang magtrabaho sa aking bukid. Maaari mong kunin lahat ng haspe na gusto mo."

"Salamat," sabi ni Ruth. "Napakabait mo."

Napaibig si Boaz kay Ruth. Sila ay ikinasal. Nagkaroon sila ng isang maliit na anak na lalaking tinawag na Obed.

## Mga salitang dapat na matutunan

asawa	namatay	lupain
saan	lumapit	manatili
iyong	mga tao	trabaho
matigas	namulot	haspe
trigo	mahaba	matanda
mabait	tinatawag na	bukid
gusto	pag-ibig	ikinasal
sanggol	maliit	pasalamat



Si Ruth at Naomi

Ang Diyos ay Kapayapaan

# Si Pedro ay lumakad sa tubig

Matthew 14:22-32

Ang mga kaibigan ni Hesus ay nasa bangka. Ang sabi nila, "Tayo ay managwan papunta sa kabilang dako ng dagat-dagatan."

Ang hangin ay napakalakas. Ang mga alon ay masyadong malaki. Nakita sila ni Hesus mula sa baybayin. Nakita niya na nahihirapan silang managwan sa bangka. Gusto niya silang tulungan. Si Hesus ay pumunta sa bangka ng naglalakad sa tubig! Ang mga kaibigan ay natakot. Hindi nila alam na si Hesus iyon.



"Huwag kayong matakot," sabi ni Hesus. "Ako ito, ang inyong kaibigan na si Hesus."

Hindi sigurado si Pedro tungkol dito. Gusto niyang maniguro na ito ay tutuo. "Pwede ba akong pumunta sa iyo?" tanong ni Pedro. "Makakalakad din ba ako sa tubig?" "Halika na," sabi ni Hesus.

Si Pedro ay umalis sa bangka. Nakakalakad din siya sa tubig! Nagsimula siyang maglakad papunta kay Hesus.

Pagkatapos ay nag-umpisa siyang makaramdam ng takot. "Oh, hindi," sabi ni Pedro. "Hindi ko kaya ito." Nag-umpisa siyang malunod. Lumakad si Hesus papunta sa kanya at hinila siya pataas. Nakapasok sila sa bangka.

"Bakit ka natakot?" tanong ni Hesus. "Bakit hindi ka nagtiwala sa akin?" Huminto ang hangin. Huminto ang mga alon. Ang lahat ay payapa.

Alam na ng mga kaibigan na dapat silang magtiwala kay Hesus sa lahat ng panahon. Kapag tayo ay nagtiwala kay Hesus, hindi tayo matatakot. Mayroon tayong mapayapang kalooban dahil alam natin na inaalagaan tayo ni Hesus.

### Mga Salitang Dapat na Matutunan

iba	malakas	mga alon
baybay	gulo	nagsasagwan
naglalakad	takot	kaibigan
sigurado	tungkol	tutuo
nag-umpisang	pakiramdam	hindi maaari
lumubog	hinila	ay hindi
tiwala	itinigil	lahat
alam	kapayapaan	ulan



Si Pedro ay naglakad sa tubig

# Mga kasamang mapagkukunan ng aralin

Tignan ang pahina 2

**BEACON**

**MEDIA**